**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON AUGUST 2, 2022 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | Presiding Officer |
| Hon. Hamilton G. Blanco, | Councilor |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Andrea Loise F. Macaraig, | " |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Armando C. Lazarte, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Jose Jonash Luis F. Tolentino, | " |
| Hon. Zester Carlo M. Hernandez, | " |
| Hon. Isidra "Ched" M. Atienza, | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | " |
| Hon. Michael C. Villena, | " |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, | (ABC-Rep.) |
| Hon. Marjorie A. Manalo, | ( SK-Rep.) |

"On motion of Councilor Gamboa seconded by Councilor Blanco, the following Resolution was Adopted:

**KAPASIYAHAN BLG. 22-189 S.2022**

**KAPASIYAHANG HUMILING SA KAGALANG-GALANG NA MGA KASAPI NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG BATANGAS SA PAGGAMIT NG PAMBANSANG WIKA NG BANSANG PILIPINAS, WIKANG FILIPINO, SA LAHAT NG OPISYAL NA PAKIKIPAG-UGNAYAN, KOMUNIKASYON, NASUSULAT AT BERBAL, SA BUWAN NG AGOSTO BILANG PAGKILALA AT PAKIKIISA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PILIPINO**

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng Saligang Batas 1987 na nagsasaad na, "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa, salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang wika. Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon";

**SAPAGKAT,** ang Agosto 1-31 ay idineklarang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sang-ayon sa Proklamasyon Blg. 1041, S. 1997;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Batangas, kabilang na ang Sangguniang Panlungsod ay kumikilala sa ating pagpapahalaga sa kultura, wika at paniniwala, partikular sa pagpapayabong at paglilinang ng Wikang Pambansa;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Panlungsod ng Batangas ay nakikiisa sa selebrasyon ng Buwan ng Wikang Pambansa;

**Continuation of Kapasiyahan Blg. 22-189 S.2022**

**KAPASIYAHANG HUMILING SA KAGALANG-GALANG NA MGA KASAPI NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG BATANGAS SA PAGGAMIT NG PAMBANSANG WIKA NG BANSANG PILIPINAS, WIKANG FILIPINO, SA LAHAT NG OPISYAL NA PAKIKIPAG-UGNAYAN, KOMUNIKASYON, NASUSULAT AT BERBAL, SA BUWAN NG AGOSTO BILANG PAGKILALA AT PAKIKIISA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PILIPINO**

**DAHIL DITO, IPINASISIYA,** tulad ng sa ngayon ay ginagawang pagpapasya ng mga Kasapi ng Sangguniang Panlungsod ng Batangas na natitipon sa regular na sesyon, at ngayon nga ay ipinasiya na gamitin ang Pambansang Wika ng Bansang Pilipinas, Wikang Filipino, sa lahat ng Opisyal na Pakikipag-ugnayan, Komunikasyon, Nasusulat at Berbal, sa Buwan ng Agosto bilang Pagkilala at Pakikiisa sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Filipino.

**INAPRUBAHAN NG LAHAT."**

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 22-189 S. 2022 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on August 2, 2022.

**LUNINGNING A. AQUINO**
Board Secretary III

**NOTED:**

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary

**ATTESTED:**

**ATTY. ALYSSA RENEE A. CRUZ**
Presiding Officer

**ODT/LAA/ystingchuy...**